
















Mga Tip sa Pamimili ng Grocery na may Kinalaman sa COVID-19

 <p>BAGO KA UMALIS</p>	<p>Umalis lamang kung kinakailangan.</p> <p>Mas maging maingat kung ikaw o ang iyong minamahal sa buhay ay may mas mataas na posibilidad na magkasakit dahil sa COVID-19.</p>   <p>Huwag pumunta sa tindahan kung may sakit ka.</p>	<p>Hugasan ang iyong mga kamay.</p>  <p>Pag-isipan ang pag-order ng mga grocery online para i-pick up o ipa-deliver.</p> 	<p>Tingnan ang mga espesyal na oras.</p>  <p>Maraming tindahan ang may mga espesyal na oras ng pamimili para sa mga taong may edad na higit sa 60, buntis, at may mga medikal na kondisyon.</p>
 <p>SA TINDAHAN</p>	<p>Magsuot ng telang pantakip sa mukha</p> <p>Ang telang pantakip sa mukha ay isang tinahing mask o piraso ng tela na tinatakpan ang iyong bibig at ilong.</p> 	<p>Gumamit ng hand sanitizer.</p> <p>Maaari mong linisan ang mga hawakan ng cart o basket sa grocery gamit ang hand sanitizer o panlinis na pamunas (antiseptic wipe).</p> 	<p>Tiyaking malayo ka sa iba.</p> <p>Panatilihin ang 6 na talampakan (feet) na layo sa pagitan mo at ng ibang tao, kahit sa pila para magbayad.</p> 
 <p>PAGDATING SA BAHAY</p>	<p>Hugasan ang iyong mga kamay.</p> 	<p>Gawin ang mga hakbang para sa kaligtasan ng pagkain.</p> <p>Huwag disimpektahin ang iyong mga grocery. Hugasan ang iyong mga prutas at gulay tulad ng karanivan mong ginagawa.</p> 	<p>Para sa higit pang impormasyon</p> <p>Bisitahin ang doh.wa.gov/coronavirus o coronavirus.wa.gov.</p> <p>Tumawag sa 1-800-525-0127 at pindutin ang # para sa mga serbisyo ng interpreter.</p> <p>I-text ang Coronavirus sa 211211.</p>